Coroners Court of Victoria

# Ano na ang mangyayari ngayon?

## Unang mga hakbang sa coronial na proseso

Ipinapaliwanag ng brochure na ito ang mga bagay na kailangan mong malaman kaagad pagkatapos iulat sa coroner ang pagkamatay ng isang mahal sa buhay, kasama ang tulong na makukuha at kung ano ang gagawin ng coroner sa mga unang yugto ng coronial na proseso.

## Tulong sa mahirap na panahon

Ang mga kawani mula sa Coroners Court of Victoria (ang Korte) at Coronial Admissions and Inquiries (CA&E) ay maaaring magbigay sa iyo ng impormasyon at mga referral para sa mga serbisyong maaaring makatulong sa iyong kalungkutan at pagluluksa. Ang likod na pahina ng brochure na ito ay may listahan ng mga kapaki-pakinabang na maaaring makontak para sa hanay ng mga serbisyong pangsuporta na maaaring maging makatulong sa mahirap na panahon na ito.

## Tungkulin ng coroner

Dapat malaman ng coroner, kung maaari:

1. ang pagkakakilanlan ng taong namatay
2. ang dahilan ng pagkamatay
3. sa ilang mga kaso, ang mga pangyayari na nakapaligid sa pagkamatay.

Ang mga coroner ay hindi nag-iimbestiga sa lahat ng mga pagkamatay, ang mga pagkamatay lamang na "maaaring iulat".

Kabilang sa mga maaaring iulat na pagkamatay ay ang:

- mga hindi inaasahan, hindi natural o marahas, o sanhi ng isang aksidente o pinsala
- mga pangyayari na hindi inaasahan sa habang o pagkatapos ng isang medikal na pamamaraan (medical procedure)
- mga pangyayari kapag ang taong namatay ay nasa kustodiya (nakakulong) o nasa pangangalaga
- kapag ang isang doktor ay hindi nakapagpirma ng sertipiko ng kamatayan
- kapag hindi alam ang pagkakakilanlan ng taong namatay.

## Mga unang contact

Dumadalo ang mga pulis sa lugar ng lahat ng pagkamatay na iniulat sa coroner, maliban sa ilang pagkamatay na nangyari sa isang ospital. Ito ay dahil kailangang kumpletuhin ng pulisya ang isang Report of Death para sa coroner. Ang pagdalo ng mga pulis sa pinangyarihan ay hindi

nangangahulugang naniniwala sila na may kasangkot sa pagkamatay. Maaari rin silang makipag-usap sa pamilya nang ilang sandali pagkatapos upang makakuha ng karagdagang impormasyon. Bahagi ito ng normal na coronial na proseso para sa lahat ng pagkamatay na iniulat sa coroner.

Makikipag-ugnayan sa iyo ang kawani ng CA&E tungkol sa mga unang hakbang sa coronial na proseso.

Ang CA&E ay isang state-wide, 24 na oras na serbisyo na ibinibigay ng Victorian Institute of Forensic Medicine.

Ang tungkulin ng CA&E ay:

- tumanggap ng mga ulat ng pagkamatay
- dalhin ang katawan ng namatay na tao sa pangangalaga ng CA&E
- makipag-ugnayan sa pagtukoy sa taong namatay
- makipag-ugnayan sa medikal na imbestigasyon ng pagkamatay para sa coroner
- paglabas ng katawan ng namatay na tao para sa libing nito.

## Pagpasok sa pangangalaga

Sa karamihan ng mga kaso, kung ang iyong mahal sa buhay ay namatay sa Melbourne, sila ay dadalhin sa pangangalaga ng CA&E sa Coronial Services Center, 65 Kavanagh Street, Southbank. Kung namatay ang iyong mahal sa buhay sa rehiyonal na Victoria, makikipag-ugnayan sa iyo ang kawani ng CA&E at sasabihin sa iyo kung saan ito pinangangalagaan.

Ang mga kawani ng CA&E ay tutulong kung gusto mong makita o makasama ang iyong mahal sa buhay at kakausapin ka tungkol sa kung sino ang ituturing na makakapagpasya na malapit na kamag-anak. Anumang komunikasyon tungkol sa coronial na pagsisiyasat ay gagawin sa pamamagitan ng taong iyon o sa kanilang napiling kinatawan.

## Ang makakapagpasya na malapit na kamag-anak

Ang makakapagpasya na malapit na kamag-anak (senior next of kin) ay karaniwang asawa ng tao o ka-partner sa tahanan. Kung ang tao ay walang ka-partner, o hindi siya available, ang nakatatanda sa kamag-anak ay ituturing (sa ganitong pagkakasunud-sunod) na:

- isang nasa hustong gulang na anak na lalaki o babae (18 taong gulang pataas)
- isang magulang
- isang nasa hustong gulang na kapatid na lalaki o babae (18 taong gulang pataas)
- isang taong pinangalanan sa testamento (will) bilang tagapagpatupad (executor)

• isang tao na, bago ang kamatayan, ay isang personal na kinatawan ng taong namatay

• isang tao na napagpasyahan ng coroner na maging senior next of kin dahil sa kaniyang malapit na relasyon sa taong namatay bago siya mamatay.

## Pagkilala

Kailangang kumpirmahin ng coroner ang pagkakakilanlan ng taong namatay. Maaaring kabilang dito ang visual o medikal at siyentipikong mga pamamaraan ng pagkilala.

Kung kailangan ng visual na pagkilala, maaari kang hilingin na pumunta sa Coronial Services Center upang kilalanin ang iyong mahal sa buhay. Upang kumilala sa isang mahal sa buhay, dapat ay isang miyembro ka ng pamilya o isang taong lubos na nakakakilala sa tao sa oras ng kanilang kamatayan. Ang mga kawani ng CA&E ay magbibigay sa iyo ng schedule ng appointment sa pagpunta at pagkilala sa oras ng opisina.

Kasama sa mga medikal o siyentipikong pamamaraan ng pagkakakilanlan ang paggamit ng mga dental record, fingerprint o paghahambing ng DNA. Ang coroner ang magpapasya sa pinakaangkop na paraan ng pagkilala at ipapaalam sa iyo ng kawani ng CA&E ang prosesong gagamitin.

## Mga medikal na pagsusuri

Isinasagawa ang mga medikal na eksaminasyon upang matulungan ang coroner na malaman ang sanhi ng pagkamatay ng isang tao. Kahit na ito ay mukhang halata, napakahalaga na malaman ng coroner kung ano mismo ang nangyari.

### Paunang pagsusuri

Kapag ang iyong mahal sa buhay ay nasa pangangalaga ng CA&E, susuriin siya ng isang forensic pathologist. Ang paunang pagsusuri na ito ay hindi makaka-abala sa katawan hangga’t maaari (minimally invasive). Ang mga kawani ng CA&E ay malapit na nakikipagtulungan sa forensic pathologist at maaaring sagutin ang anumang mga tanong na mayroon ka. Maaaring humingi sa iyo ng tulong ang kawani ng CA&E para makuha ang mga medikal na rekord ng iyong mahal sa buhay o iba pang impormasyon. Maaaring kailanganin din nilang makipag-usap sa iyo tungkol sa mga pangyayari na nakapaligid sa pagkamatay. Maaari ka ring kontakin ng pulisya upang talakayin ang pagkamatay. Tinutulungan nito ang coroner na makalap ang maraming katotohanan tungkol sa pagkamatay hangga't maaari.

### Autopsy

Sa ilang mga kaso, ang forensic pathologist ay kailangang magsagawa ng autopsy. Ito ay isang medikal na pamamaraan na naglalayong alamin ang medikal na sanhi ng kamatayan. Kung naniniwala ang isang coroner na kailangan ang autopsy, makikipag-ugnayan muna ang kawani ng CA&E sa senior next of kin para ipaliwanag ang proseso at sagutin ang anumang mga katanungan. Kung gusto mong tumutol sa isasagawang autopsy – halimbawa, dahil sa relihiyon o

kultural na dahilan – mangyaring ipaalam sa mga kawani ng CA&E upang maipaalam nila sa coroner. Isasaalang-alang ng coroner ang iyong mga alalahanin at makikipag-ugnayan muli sa iyo ang kawani ng CA&E para ipaalam sa iyo ang desisyon ng coroner.

## Mga personal na ari-arian

Ang pulisya ang karaniwang nangangalaga ng mga personal na ari-arian, tulad ng mga alahas, damit at iba pang mahahalagang bagay, na makikita sa lugar ng kamatayan at pagkatapos ay ibibigay ang mga ito sa direktor ng libing (funeral director). Paminsan-minsan, maaaring itabi ang pulisya ng ilang bagay para sa forensic examination. Kung hindi, lahat ng personal na gamit ay ibinibigay sa funeral director upang maibalik sa pamilya. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga personal na pag-aari, mangyaring ipaalam sa kawani ng CA&E.

## Pagpaplano ng libing

Maaari kang makipag-ugnayan sa funeral director anumang oras. Tutulungan ka ng funeral director na planuhin ang libing at makikipag-ugnayan sa iyo at sa mga kawani ng CA&E. Maaaring ayusin ng funeral director na ilipat ang iyong mahal sa buhay sa rehiyong Victoria kung kinakailangan.

## Pagkuha ng death certificate

Ang mga death certificate (sertipiko ng kamatayan) ay ibinibigay ng Registry of Births, Deaths and Marriages Victoria (BDM). May bayad para sa mga death certificate, na maaaring isama bilang bahagi ng mga gastos sa libing. Sa karamihan ng mga kaso, hindi mo kailangang mag-apply nang direkta para sa isang death certificate - ang funeral director ang karaniwang gagawa nito para sa iyo. Ibibigay ng BDM ang death certificate sa taong inilista ng funeral director bilang informant. Kung hindi ikaw ang gumawa ng funeral arrangement, maaari kang maging karapat-dapat na direktang mag-apply sa BDM para sa kopya ng death certificate. Nag-aalok ang BDM ng iba't ibang uri ng mga sertipiko depende sa iyong mga pangangailangan at kung natukoy ng coroner ang sanhi ng kamatayan.

**Sertipiko ng Kamatayan – walang dahilan ng pagkamatay**

Hindi kasama sa legal na sertipiko na ito ang sensitibong impormasyon tungkol sa iyong mahal sa buhay, gaya ng sanhi ng kamatayan, impormasyon ng libing, o petsa ng pagpaparehistro. Maaaring maibigay ang sertipikong ito kung hindi pa naitatag ng coroner ang sanhi ng kamatayan at maaari itong gamitin sa mga organisasyon na hindi nangangailangan na ibigay mo ang dahilan ng pagkamatay ng iyong mahal sa buhay. Laging pinakamainam na ipaalam sa organisasyon na iyong kinakaharap upang malaman kung tatanggapin nila ang sertipiko ng kamatayan.

**Sertipiko ng kamatayan – may dahilan ng pagkamatay**

# Ano na ang mangyayari ngayon?

Kasama sa legal na sertipiko na ito ang lahat ng detalye tungkol sa iyong mahal sa buhay, kabilang ang sensitibong impormasyon gaya ng sanhi ng kamatayan, impormasyon ng libing, at petsa ng pagpaparehistro. Ang sertipiko na ito ay maaaring ibigay sa anumang organisasyon na humihiling sa iyo na patunayan ang pagkamatay ng iyong mahal sa buhay. **Tandaan:** dapat na natukoy ng coroner ang sanhi ng kamatayan bago maibigay ng BDM ang certificate na ito.

**Pansamantalang sertipiko ng kamatayan**

Ang mga pansamantalang sertipiko ng kamatayan ay ginagamit kung kailangan mong iuwi ang iyong mahal sa buhay sa kaniyang sariling bansa. Maaari itong mailabas kung hindi pa naitatag ng coroner ang sanhi ng kamatayan.

## Kapaki-pakinabang na mga contact

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa mga unang yugto sa coronial na pagsisiyasat (coronial investigation), maaari kang makipag-ugnayan sa CA&E sa 1300 309 519 (24 na oras) o bisitahin ang website ng Korte sa www.coronerscourt.vic.gov.au.

Ang mga karagdagang serbisyo ng suporta na maaaring makatulong sa mahirap na panahong ito ay nakalista sa ibaba. Ang mga numero ay magagamit sa oras ng negosyo, maliban lang kung iba ang nakasaad.

- Court Network (Court Process Support) 1800 681 614
- Donor Tissue Bank of Victoria (03) 9684 4444
- Federation of Community Legal Centres Victoria (03) 9652 1500
- Grief Australia (03) 9265 2100
- GriefLine 1300 845 745 (alas-8 ng umaga hanggang alas-8 ng gabi: Lunes-Biyernes)
- Hope Bereavement Care (Geelong na rehiyon) (03) 4215 3358
- Interpreter Service 13 14 50
- Lifeline 13 11 14 (24 na oras)
- Mercy Grief Services (Western Metropolitan na Rehiyon lamang) (03) 9313 5700
- National Relay Service TTY 13 36 77 (para sa may-kapansanan sa pandinig) 1300 555 727 (magsalita at makinig)
- Registry of Births, Deaths and Marriages Victoria 1300 369 367
- Road Trauma Support Services 1300 367 797

# Ano na ang mangyayari ngayon?

Coroners Court of Victoria

- Red Nose (dating SIDS and Kids) 1300 308 307 (24 na oras)
- State Trustees (03) 9667 6444, 1300 138 672 (country na mga lugar)
- SuicideLine Victoria 1300 651 251 (24 na oras)
- Support After Suicide 1800 943 415
- StandBy - Support After Suicide 1300 727 247
- The Compassionate Friends Victoria (03) 9888 4944, 1300 064 068 (24 na oras)
- Victims of Crime Helpline 1800 819 817
- Victoria Legal Aid 1300 792 387
- Victorian Aboriginal Legal Services 1800 064 865



**Coroners Court of Victoria**
65 Kavanagh Street, Southbank VIC 3006
**T:** 1300 309 519
**F:** 1300 546 989
www.coronerscourt.vic.gov.au